

NAKASAKAY SA TREN NA KAMATAYAN

ANG BALITA NG PAGASA

© Moses C. Onwbiko

Isipin mong nakasakay ka sa tren patungong kampo ng kamatayan (death camp). Kayong lahat na pasahero ay nahatulang papatayin.

Nang malapit na ang tren sa kampo, may natanaw kayong isang kabataang binata na nakatayo sa riles, na iwinawagayway ang pulang bandila. Sumasagitsip na biglang napahinto ng konduktor ang tren. Nag-unahang lumabas ng tren an mga opisyal upang usisain ang binata. Namangha sila sa pakiusap ng binata – “Narito ako upang mapatigil ang pagpatay sa mga nakasakay sa tren. Narito ako upang umako ng kanilang kamatayan,” Ang matapang na pahayag ng binata. Ang mga opisyal ay namangha sa hindi pang karaniwang pangyayari at madaling ibinalita sa hukom na humatol.

Matapos ang masusi at matagal na tanungan, nahikayat ang hukom na siyang maging kapalit ng mga nahatulang pasahero sapagkat siya ay malinis at walang kasalanang nakatala (rekord). Buong laya niyang ibinuluntaryo ang kanyang sarili para akuin ang naging kahatulan.

Nahayag Ang Kanyang Pag-Ibig Sa Mga Nagkasala

Habang ikaw at ang iba ay nagmamasid, ang taong ito ay dinala na upang hatulan. Siya ay pinahirapan at inabuso sa halip ng mga taong papatayin sana. Nais kong magisip ka ng ilang sandali at pakaisipin ang ganoong, kagandahanq loob. Mahirap isipin na may maglaan ng kanyang buhay sa kaligasan ng mga nahatulan sana.

Habang ang walang kasalanang binata ay nakabitin sa punong kahoy sa kampo ng kamatayan, siya ay sumigaw ng napakalakas para humingi ng tulong,subalit walang tulong na dumating. At siya ay nalagutan ng hininga. Bakit? Ang manga sakay ng tren ay nangaligtas at buhay. Ang hukom ay naghatol kung ano ang dapat gawin ng mga tao sa tren para ganap na mapawalang sala dahil sa, pag-ako sa kamatayan ng binata.

Ang Katotohanan

Ito ay hindi isa lamang kwento, ito ay isang paghahambing. Malinaw na nakasulat sa Biblia:

Sapagkat ang lahat ay nagkasala at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos (Roma 3:23).

Ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan (Roma 6:23a).

Ang mga hatol na ito na mula sa Pinakamataas na Hukuman sa Langit ay nagpapahayag na ang lahat ay nagkasala, at lahat ay dapat mahatulan sa Impierno, hiwalay sa Diyos magpakaylan man. Lahat, walang natatangi ay nasa ilalim ng paghatol ng Diyos — sa tren ng kamatayan tungo sa walang hanggang kaparusahan.

Ang Mga Ginagawa Ng Tao

Ang Banal na Kasulatan ay nagbigay ng kasagutan sa tangka ng taong ipagtanggol ang kanyang sarili sa harapan ng Diyos. Maaring sabihin ng isa, "Ako ay nagsisikap na maging mabuti." Ang sabi ng Biblia:

Walang gumagawa ng mabuti, wala kahit isa (Roma 3:12b).

Saan patungo ang taong ito? Gayon man ang ibang tao ay mangangatuwiran pa. "Nagsisikap akong makasunod sa mga utos ng Diyos." Muli, may sagot diyan ang Biblia:

Sapagka't ang sinumang gumaganap ng buong kautusan, gayon ma'y natitiod sa isa, ay nagiging makasalanan sa lahat (Santiago 2:10).

Ang tanong ay ganito: Ilan sa mga utos ng Diyos ang dapat masunod ng tao upang siya ay matanggap sa langit? Dapat lahat ng mga utos! Ang pagkakamali sa isa ay nangangahulugan ng pagwawalang kabuluhan ng mga utos (Santiago 2:10). Sino ang magiging matuwid sa lahat? Sino ang makatatagal ng buong araw, Linggo, o taon ng hindi makasusuway sa mga utos ng Diyos? Ang katotohanan ay:

Walang matuwid, kahit isa (Roma 3:10).

Maaaring ipagpilitan ng iba na siya ay nagsisikap na mamuhay ng matuwid. Muli ang Biblia ay nagsasabi:

Ang lahat ay paawang nagkasala, ang aming katulad, kahit anong gawin ay duming di hamak (Isaias 64:6a).

Ito ay isang kitang-kitang hindi magandang balita sa lahat. Ang lahat ng pagsisikap na mga tao para makuha ang pagsang-ayon ng Diyos ay nawalang saysay. Ano pa ang natitira sa atin?

Wala!

Ang ganito bang pagtangi ng Diyos ay nangangahulugang wala ng taong nakapupunta sa langit? Hindi. Ito ay nangangahulugan lamang na walang kabuluhan ang gawa ng tao. Ang tanging pag-asa at natatanging katugunan ay ang biyaya ng Diyos.

Ang Kaawa-awang Kalagayan Nang Sankatauhan

Ang Panginoong Diyos na Lumikha ay Banal. Siya ay tunay na matuwid at isang Diyos na may ganap na katarungan. Sa Kanyang Kabanalan, hindi Siya maaring makisama sa kasalanan at makasalanan (1 Juan 1:5). Bilang makatuwirang Diyos, hindi Niya pahihintulutang walang parusa ang kasalanan. At walang paraan ang isang hindi ganap na tao na magkaroon ng kaugnayan sa isang Ganap na Diyos. Ito ay hindi maaring magawa ng tao. At pagtingin ni Jesus ay sinabi sa kanila.

Hindi ito magagawa ng tao, ngunit magagawa ng Diyos, ang lahat ng bagay (Mateo 19:26).

Kaya, ang sangkatauhan sa kanyang pagsisikap ay hindi maaring makapantay sa kabanalan ng Diyos. Iniisip ng isang tao na siya ay mabuti ngunit ang sabi ng Diyos, "Walang sinumang gumagawa ng mabuti" (Roma 3:12b). Ang ibang tao ay nag-iisip na siya ay namumuhay ng mabuti. Sagot ng Diyos "walang matuwid" (Roma 3:10). Ang isang tao ay nag-iisip na siya ay magiging matuwid sa pamamagitan ng pagsunod sa utos ng Diyos. Ang sagot ng Diyos,

Walang magiging matuwid sa pagsunod sa mga kautusan (Galacia 2:16).

Ang katutuhanan ang tao ay naubusan na ng mga paraan sa pagtatangkang matakasan ang Banal na kahatulan ng Diyos na ipinataw sa lahat (Roma 3:23). Walang makakatakas sa kahatulan ng Diyos. Lahat tayo ay nahatulan, nagkasala at pinatawan ng parusang walang hanggan sa Impierno. Kahit gaano ang pagsisikap makatakas sa ganitong kapalaran, ito ay hindi mangyayari. Nangangahulugan bang wala ng pag-asa ng upang maiwasan ang paghatol ng Diyos? Hindi! Maroon lang isang balak ang Diyos upang maiwasan. Sundin ang biyaya at maging malaya o tanggihan ito at harapin ang walang hanggang poot ng Diyos (Juan 3:36).

Ang Magandang Balita

Bagaman ang tao ay nagtangkang iwasan ang hatol ng Diyos sa kanyang sariling pagsisikap, dumating si Jesu Kristo, upang siya ay ilitas. Si Jesu Kristo natanging anak ng Diyos ay ihinandog niya ang Kanyang sarili bilang walang bahid-dungis na Anak, bilang isang katanggap-tanggap na akuin ang hatol na kamatayan ng tao. Tungkol sa natatanging Si Jesu-Cristo, si Apostol Juan ay nagsalita,

Narito, ang Kordero ng Dios, na nagaalis ng kasalanan ng sanlibutan! (Juan 1:29).

Inako Niya ang kaparusahan ng ating mga kasalanan. Si Apostol Pedro ay nagdagdag:

Sa kanyang pagkamatay sa kruz, dinala niya ang bigat ng ating mga kasalanan (1 Pedro 2:24).

Ang sabi ni Pablo

Ngunit ipinakita ng Diyos ang Kanyang pagibig sa atin nang tayo ay makasalanan pa, si Kristo ay namatay bilang pamalit sa atin (Roma 5:8).

Ang parusa ng kamatayan ay binayaranang buo minsanan para sa lahat (Hebreo 9:12).

Gaano Nga Ba Kaganda Ang Magandang Balitang Ito?

Ang parusang kamatayan ay binayaran na ng buo. Ang hadlang sa pagitan ng isang Banal na Diyos at makasalanang tao ay naalis na. Ang kasalanan ay hadlang sa pagitan ng tao at ng Diyos (Isaias 59:2). Tinanggal ni Jesu-Cristo ang hadlang na ito sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa kruz. Ang sumpang ipinataw sa tao dahil sa dahil sa kakayanang sundin ang batas ay nalunasan na ng pag-ako ng kamatayan. Tinubos tayo ni Cristo sa sumpa ng Kautusan nang siya'y magdusa na parang isang sinumpa. Sapagkat nasasaad sa Kasulatan,

Sinumpa ang bawat ibinitay sa punongkahoy (Galacia 3:13).

Tanging si Kristo lamang ang namagitan sa Dios at sa mga tao (1 Timoteo 2:5). Ang malaki at hindi mapapasukang hadlang ang soliranin ng tao na hindi makasunod sa mga utos ng Diyos at ang hindi kakayanang magagawa ng tao ay na sa kruz ni Jesu Kristo.

Pinawalang bisa ang lahat ng kasulatan laban sa atin, pati mga pananagutang kaugnay nito. Pinawi niya ang lahat ng ito ng ipako niya ang mga ito sa Krus (Colosas 2:14).

Sapagka't Siya (Jesu-Kristo) ang ating kapayapaan, na kaniyang pinagisa ang dalawa, at iginiba ang hadlang ng kasamaan sa pamamagitan ng kanyang katawan pinawi niya ang alitan na parang hadlang na naghihiwalay sa atin. Inalis ang pagkakaalit kautusang pawing mga autos ay tuntunin sa kanyas ang dalawang bayan at naghari ang kapayapaan (Efeso 2:14-15a).

Datapwa't ipinagbilin ng Diyos ang pagibig sa atin, na nang tayo'y makasalanan pa si Kristo ay namatay dahil sa atin (Roma 5:8).

Kaala-alang Paglabas

Balikan ang paghahambing ng tren papuntang kampo ng kamatayan (death camp). Matapos ihandog ng inosenteng lalaki ang kanyang buhay, ang kondisyon na iginawad ng Hukom ay sa sinumang nais iwanan ang tren ay dapat lumabas sa itinakdang pinto. Ang labasang na ito ay nagbibigay karangalan sa kamatayan ng inosenteng lalaki na namatay para sa kanila. Napakaala-alalang paglabas! Isipin kung ano kaya ang naglaro sa mga isipan ng mga labasan tungo sa kalayaan.

Sa paghahambing, iginawad ng Diyos ang isang utos mula sa Kanyang hukuman sa Langit. Ang tanging pasiya na katanggap-tanggap sa Kanyang ganap na katarungan ay dumaan lamang sa ISANG pasukan. Walang ibang tunay na daan. Walang dalawang daan ayon sa utos ng Diyos. Ang mga nasa tren ay kailangang lumabas sa isang pintuan. Sinuman ang nagnanais na pumasok sa langit ay kailangan pumasok sa itinakdang pinto o pasukan ng Diyos.

Ang Pasukan Sa Langit

Ayon sa kautusan ng Diyos, sinabi misomo ni Cristo Jesus:

"Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay, walang sinumang makakarating sa Aking Ama (sa langit) maliban sa Akin" (Juan 14:6).

Dagdag ni Lukas,

At sa kanino mang iba ay walang kaligtasan: sapagka't walang ibang pangalan sa silong ng langit, na ibinigay sa mga tao, na sukat nating ikaligtas (Gawa 4:12).

Ito ay pagpapatunay at nangangahulugan na kung hiwalay kay Cristo Jesus, walang sinuman ang maliligtas o makakapunta sa Langit. Si Jesu-Cristo lang mismo ang makapag-aangkin nito. Walang ibang mas madaling paraan ang makakasapat. Ang Diyos ay tiyak sa Kanyang salita. Sundan ang pintuan at pumasok, sa itinakdang pinto o lumsiya ng daan at nang mapagsarahan ng pintuan ng Langit magpakailanman.

Paano Ba Maligtas?

May isa lamang daan patungo sa Langit at iyan ay sa pamamagitan nin Jesu-Cristo. Sinabi ni Jesu-Cristo,

Ako ang piintuan at kung sinuman ang pumasok sa pamamagitan ko maliligtas (Juan 10:9a).

Paano makapasok sa pintuan ang hindi nakikita? Lamang si Jesu-Kristo ang pintuan, ang tanging daan para makapasok ang sinuman ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo lamang. Gaano kalaking pananampalataya? Napakaliit "katulad lamang ng butil ng buto ng mustasa" (Mateo 17:20).

Pagsasalarawan ng pananampalataya, sa Lumang Tipan, sinuway ng Israel ang Diyos. Ang Diyos sa Kanyang hustisya ang nagpadala ng mga mababangis na ahas sa mga tao (Bilang 21:6). Nanuklaw ang mga ahas at pumatay ng maraming tao. Ang mga nagdurusang Israelita ay humingi ng tawad sa Diyos sa kanilang mga kasalanan. Maaaring hinayaan ng Diyos na ubusin ang mga masuwaying Israelita, ngunit hindi Niya ito ginawa. Ano ang ginawa ng Diyos? Sa Kanyang walang kaparis na biyaya sinabi Niya kay Moises,

‘gumawa ng isang ahas na tanso at ilagay mo ito sa isang tikin, ang sinumang natuklaw ng ahas, na tumingin doon ay hindi mamamatay’ (Bilang 21:8).

Ginawa ni Moises ang iniutos ng Diyos sa kanya nang tapat. Nakita mo, ginawa ni Moises kung ano ang iniutos ng Diyos. At dumating ang panahon ng mga Israelita na sundin din nang tapat ang iniutos kay Moises. Nagkaroon sila ng pagpili-an na sundin ang sinasabi ng Diyos o mamatay sa pagkatuklaw?

Kaya ang lahat na natuklaw sinansala ang biyaya ng Diyos o ang Kanyang karunungan o nagreklamo sa kasimplehan ng kautusan ngunit simpleng tumingin sa ahas na ginawa ni Moises ay nangabuhay (Bilang 21:9). Kahanga-hanga, kagila-gilalas, napakadali ang biyaya ng Diyos sa mga Israelita. Napakasimple dahil ang matanda at mga bata ay makakatingin sa ahas at mabubuhay.

Wala ni anumang uri ng gawa na naidagdag sa Kanyang mabiyayang utos. Walang mga pangako ang hiniling ng Diyos, walang kaukulang gawa, walang paghahandog ng iglesya o muting paghahandog ang kinailangan, walang pagbabautismo, at walang ikapu ang kinailangan. Napakabiyayang gawain sa hukuman ng isang Maibiging Diyos. Ang Diyos rin na nag-utos kay Moises ng mga ilang libong taon na siya ring nagpalabas ng isang madaling kagampanan sa kaawa-awang kalagayan ng tao.

Ang Anak Ng Diyos Ay Itinaas

At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng tao; Upang ang sinumang sumampalataya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan (Juan 3:14-15).

Si Jesu-Kristo ay itinaas doon sa Krus ng Siya ay ipinako dito. Katulad ng mga Israelita na tumingin sa ahas na itinaas ni Moises, ikaw rin ay makakatingin sa krus at sa pamamagitan ng pananampalataya lamang kay Jesu-Kristo at ikaw ay may buhay na walang hanggan.

Doon sa ilang, ito ay ang pagtanaw sa ahas. Ano ba ang halaga ng pagtanaw? Wala. Sa krus, ito ay madaling paniniwala. Muli, mayroon bang halaga ang paniniwala? Wala. Ang

pagbibigay halaga ay kay Jesu-Kristo. Napakagaan ang handog ng pagliligtas ng Diyos doon sa ilang noon; Napakadali ang handog ng kaligtasan ng Diyos ngayon. Ginagawa ng Diyos ang lahat ng bagay na habang si Satanas at ang kanyang mga kasama ay ginagawang maggusot ang handog ng Diyos na biyaya ng pagliligtas. Ang kaligtasan ay isang simpleng bagay. Ito ay kasin gaan ng: "maniwala sa Kanya," hindi "maniwala at magpabautismo," hindi "maniwala at sumapi sa iglesya," hindi "maniwala at manatili sa paniniwala," hindi "maniwala at magbalik-loob at maniwala uli," hindi "maniwala at gawing Panginoon si Jesu-Cristo." Siya ay Panginoon na. Walang kaukulang gawa ang kailangang idagdag sa pananampalataya. Ang utos ng Diyos para sa kaligtasan ay malinaw:

Ang sumasampalataya (kasama ka roon) sa Anak ay may buhay na walang hanggan; ngunit ang hindi tumatalima (ang utos na manampalataya) sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Dios ay sumasakaniya (Juan 3:36)

Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan (Juan 3:16).

Ngunit ang mga ito ay nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na si Jesus ay ang Kristo, ang Anak ng Dios; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayong buhay sa kaniyang pangalan (Juan 20:31).

Ang Katapatan Ng Diyos

Magagawa ba ng Diyos ang magsinungaling? Hindi kailanman.

Ang Diyos ay hindi sinungaling na tulad ng tao. (Bilang 23:19).

Kapag sinabi ng Diyos, "Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan;" (at ginawa Niya: Juan 3:36), iyon lang ang Kanyang ibig sabihin. Kapag sinabi niyang "sinumang sa kanya ay sumampalataya (Jesu-Cristo), ay hindi mapapahamak" (at ginawa Niya: Juan 3:16). Ang ibig Niyang sabihin ang sinumang inilagak ang pagtitiwala kay Kristo ay hindi mapupunta sa impiyerno. Ganoon lang ito kaliwanag. Sa kabilang banda, kapag sinabi ng Diyos, "sinumang manampalataya kay Jesu-Kristo at tinanggap Siyang Panginoon, at nabautismuhan at naging tapat sa Kanya ay hindi mapapahamak," kailangang gawin mo ang lahat ng ganoong mga bagay kung ikaw ay umaasa na magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Isang kagaanan ng kalooban na hindi Niya sinabi ang gayong mga bagay. Isang malinaw na kanyang sinabi:

"Manampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at iyong sangbahayan" (Gawa 16:31).

Ito ang gawa ng biyaya ng Diyos.

Isang Pinakadakilang Desisyon

Sa mga sandaling ito, ikaw ay makagagawa ng pinakadakilang pasiya na makapagpapabago ng takbo ng iyong buhay magpakailanman. Paano? Sa pamamagitan ng pagsasabi sa Diyos Ama, ngayon din na ikaw ay nananampalataya sa Kanyang Anak na ipinako at namatay doon sa krus ng dahil sa iyo. Sa sandaling inilagak ang buo mong pagtitiwala kay Kristo, nasunod mo ang salita ng Diyos, sa sandali ring iyon ang milagro ng kaligtasan ay nagsimula. Napakadakilang sandali sa buhay ng isang tao! Isang buhay ang kamangha-manghang iniligtas ng biyaya ng Diyos magpakailanman.

Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios (Efeso 2:8).

Ano nga ba ang mga himalang ito? Ang Diyos sa pagpapalit ng iyong mahinang pananampalataya at likong katuwiran nagbigay sa iyo ng Kanyang ganap na katutuhanan (Roma 3:22), na siyang pina wawalang sala ng Dios. Kasama ng maraming bagay, ibinigay Niya sa iyo ang buhay na walang hanggan.”(Juan 3:36). Sa sandali ding iyon, napasaiyo ang katuwiran ng Diyos. Napasaiyo rin ang Kanyang buhay. Ang mga biyaya ng kaloob na galing sa Diyos sa unang pagkakataon sa buhay mo ay siyang magbibigay biyaya na makasama mo ang Diyos sa langit magpakaylan man.

Ano nga ba ang ginawa mo upang matamo ang ganitong mga bagay? Wala. Kaya, maaamin mo, kailan man ay hindi mo ito pinagsikapan, pinag-hirapan o karapatdapat kang maligtas maliban sa biyaya ng Diyos. Sa dakong huli, hindi mo maaring pabago ang ginawa ng Diyos. Ang ginawa ng Diyos ay hindi nagbabago (Roma 11:29).

Ito ang Magandang Balita. Ang biyaya ay dumating na. Ang pasiya ay nasa iyo. Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, at kay Jesu-Kristo lamang. Ito lang ang tanging lunas ng Diyos para makaligtas. Tanggapin ang Kanyang handog ng at magbago o tanggihan ang Kanyang natatanging handog na biyaya at harapin ang mga pananagutan ng walang hanggang parusa.

Ang hatol ng Diyos ay mananatili:

Ang sumasampalataya [at kasama ka] sa Anak ay may buhay na walang hanggan; nguni't ang hindi tumatalima (utos na manam-palataya) sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Dios ay sumasa kaniya. (Juan 3:36).

Ang pagpili ay nasa-iyo lamang.

Kaya po "Amang nasa Langit, pinasasalamatan po namin ang Iyong kaloob na biyaya, sa pamamagitan ng Iyo pong Anak na inihandog sa krus. Pinasasalamatan po namin ang ginawa Mong pagliligtas na napakadali at abot ng lahat. Aming pong idinadalangin ang mga makakabasa

nitong balita ng ebanghelyo at hindi pa nakagawa ng pinakadakilang pasiya sa kanilang mga buhay. Idinadalangin po na madali silang ganap na makaunawa kung ano ang akahulugan sa pagtanggap o pagtangi sa Iyo pong walang hanggang handog na kaligtasan. Isinasamo po namin, na himukin mo po ang lahat na hindi pa nananampalataya kay Kristo na makapagpatuloy sa pagbulay-bulay na balitang ito. Sa pangalan ni Cristo. Amen."

Para Sa Mga Nanampalataya

Ninanais ng Diyos na lumago kayo sa biyaya (2 Peter 3:18). Ninanais ng Diyos na magpatuloy ang inyong kauhawan sa mga mapagkakatiwalaang turo (1 Peter 2:2). Kung nais mong makatanggap ng babasahin ito at ibang mga aklat na makatutulong sa iyong pamumuhay ispirituwal na walang kaukulang bayad.

Kasama Ang Panalangin (para sa mga nanampalataya)

Manatili kayong palagi sa panalangin, na kayo'y mangagpuyat na may pagpapasalamat (Colosas 4:2).

Malaki ang nagagawa ng maningas pa panalangin ng taong matuwid [matuwid pananampalataya kay Kristo] (Santiago 4:2).

Na tuloy idalangin din ninyo kami [kasama si Moses at ang Grace Evangelistic Ministries], na buksan sa amin ng Dios ang pinto sa salita, upang aming salitain ang hiwaga ni Cristo, na dahil din dito'y may mga tinikala ako (Colosas 4:3).

Sumulat kay:
Rev. Roger
cccpci@yahoo.com